9

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO


**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writers:** | Cherry A. Gonzales, Teacher III, MNHS-Main |
| **Illustrators:** | Eva Inosa, Officer-In-Charge, PEDHS |
| **Layout Artists:** | Cherry A. Gonzales, Teacher III, MNHS-Main |
| **Content Editors:** | Lilibeth C. Fernecita, Master Teacher I, MNHS-Main |
| **Language Editors:** | Mary Ann O. Wijetunge, Master Teacher I, MNHS-Main |
| **Management Team:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Sheryll T. Gayola, SDS SDO-Marikina City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Madeline Ann L. Diaz, CID Chief SDO-Muntinlupa City<br>Gloria G. Tamayo, Regional EPS, Filipino<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Nelia G. Abejar, SDO Coordinator, Filipino<br>Dr. Gina U. Urquia, LR EPS SDO-Muntinlupa City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>May L. Borjal, PDO SDO-Muntinlupa City<br>Cecilia A. Ilarde, Librarian SDO-Muntinlupa City |



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili)**

| Aralin 5 | • Epiko: Paglalarawan sa Kulturang Asyano<br>• Paghula sa Maaaring Mangyari |
|---|---|

## Inaasahan

Inihanda ito upang matulungan ka sa pagkatuto. Nilalayon nito na malaman mo ang ipinagmamalaki ng bansang India, ang kanilang Epikong Hindu (Rama at Sita).

Bibigyang tuon dito kung paano naipakikita sa mga epiko ang kabayanihan ng isang tao.

Mula sa araling ito, inaasahan na ang mga mag-aaral ay:

1. Nahuhulaan ang maaaring mangyari sa akda batay sa ilang pangyayaring napakinggan (F9PN-lllg-h-54)
2. Nailalarawan ang natatanging kulturang asyano na masasalamin sa epiko (F9-PB-III-g-h-54)

## Panimulang Pagsubok

Panuto: Piliin at Isulat ang letra ng tamang sagot

_____1. Ang katangian ng epiko na nangingibabaw sa Epiko ng mga Ipugaw tungkol sa napakatagal na labanan ng mga tauhang walang nasugatan at natalo sa kanila.
A. Kabayanihan C. Kaugalian
B. Kahiwagaan D. Karunungan

_____2. Ang _____ay isang salaysaying bayan na kumakatawan sa isang hinaharayang kasaysayan ng lipi.
A. Elehiya C. Nobela
B. Epiko D. Dula

_____3. Dahil mahal na mahal ang asawa, kinuha ni Rama ang kaniyang pana at <u>busog</u>.
A. Itak C. Sibat
B. Palaso D. Balaraw

_____4. “Baka higante iyan,” paalala ni Lakshaman.
A. Nananakot C. Nagbibintang
B. Nang-iinsulto D. Nagpapaalala

_____5. “Siguro gusto mong mamatay si Rama para ikaw ang maging hari,” sabi nito kay Lakshamanan.
A. Nagdududa C. Nagbibintang
B. Nang-iinsulto D. Nanunukso

## Balik-Tanaw

Paano mo ilalarawan ang isang bayani o superhero? Ilahad ang mga katangiang naisip sa pamamagitan ng akrostik gamit ang salitang bayani. Maaaring gumamit ng parirala o pangungusap. Isulat sa ibaba ang iyong akrostik

**B-** ________________________________

**A-**_________________________________

**Y-**_________________________________

**A-**_________________________________

**N-**_________________________________

**I-**_________________________________

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

EPIKO – Isang uri ng panitikang nagsasalaysay tungkol sa kabayanihan at pakikipagtunggali ng pangunahing tauhan laban sa mga kaaway na halos hindi mapaniwalaan dahil ang tagpuan ay pawang kababalaghan at di mapaniniwalaan.

- Mula sa salitang EPOS ng Griyego na ang ibig sabihin ay awit o salawikain.
- Mahabang salaysay na anyong patula na maaaring awitin o isatono ang pagbigkas.
- Layunin nitong pukawin ang isipan ng mga mambabasa sa pamamagitan ng mga nakapaloob na ; paniniwala, kaugalian at mithiin ng mga epiko.
- Hango sa pangalang KUR – isang lalaking manunulat ng mga espanyol sa kanilang kapanahunan, isang likas na malikhaing manunulat ng epiko.
- EPIKUS ang tawag sa mga dakilang likha ni Kur na nang lumaon ay tinawag ng mga Espanyol na EPIKO
- FOLK EPIC – kilala sa Pilipinas na Epikong Bayan
- Biag ni Lam-ang – kilalang epiko ng mga Iloko
- Maragtas – ng mga Visayas
- Darangan – ng mga Mindanao

**https://www.slideshare.net/marjduenas/epiko-79598323**

Mayaman ang India sa kultura at paniniwala. Pinaniniwalaan ng bansang ito ang kagandahan, katotohanan, at kabutihan . Naniniwala sila na pinagpapala ng Diyos ang maganda, matalino at kumikilos nang ayon sa kanilang lipunan. Napakarami rin nilang mga tradisyon. Halos sa loob ng apat na libong taon ay tila hindi nagbago ang mga kinagisnang tradisyon ng mga Hindu. Ang mga ito ang pumukaw sa interes ng mga dayuhang manlalakbay. Malimit na nababasa ang mga kultura nila sa kanilang epiko.

## GAWAIN

### Gawain 1

Basahin at unawain ang halimbawang epiko ng India.

**Rama at Sita (Isang Kabanata)**
**Epiko-Hindu (India)**
Isinalin sa Filipino ni Rene O. Villanueva

Sa gubat tumira sina Rama, Sita at Lakshamanan nang ipatapon sila mula sa kaharian ng Ayodha. Minsan, isang babae ang dumalaw sa kanila. Hindi nila alam, nagpapanggap lamang ang babae. Siya ay si Surpanaka, ang kapatid ni Ravana, na hari ng mga higante at demonyo. “Gusto kitang maging asawa, sabi nito kay Rama. “ Hindi maaari sabi ni Rama, “May asawa na ako” Narinig ni Sita ang dalawa kaya lumabas siya. Niyakap ni Rama si Sita sa harap ni Surpanaka. Nagselos nang husto si Surpanaka. Sa galit ay bigla siyang naging higante. Nilundag niya si Sita para patayin. "pero mabilis na nayakap ni Rama ang asawa at agad silang nakalayo kay Surpanaka, siya namang pagdating ni Lakshamanan.

“Sige patayin mo siya!” sabi ni Rama. Binunot ni Lakshamanan ang kaniyang espada at nahagip niya ang tenga at ilong ng higante. “Sino ang may gawa nito?” sigaw ni Ravana nang makita ang ayos ng kapatid. Nagsinungaling si Surpanaka kay Ravana para makaganti kay Rama. Sinabi niyang nakakita siya ng pinakamagandang babae sa gubat at inalok niya itong maging asawa ni Ravana pero tumanggi ang babae. Nang pilitin daw niya, tinagpas ng isang prinsipe ang kaniyang ilong at tenga. “Tulungan mo ako, Ravana”, sabi pa nito. “Bihagin mo si Sita para maging asawa mo”. Naniwala naman si Ravana sa kuwento ng kapatid. Pumayag siyang ipaghiganti ito.

Pinatawag ni Ravana si Maritsa. May galing si Maritsa na mabago ang sarili sa kahit anong anyo at hugis. Nang malaman ni Maritsa na sina Rama at Lakshamanan ang makakalaban, tumanggi itong tumulong. “Kakampi nila ang mga Diyos”, sabi ni Maritsa.

“Kailangan umisip tayo ng paraan kung paanong makukuha si Sita nang hindi masasaktan sina Rama”. Nakumbinsi naman si Ravana kaya nag-isip sila ng patibong para maagaw nila si Sita.

Isang umaga habang namimitas ng bulaklak, nakakita si Sita ng isang gintong usa. Tinawag agad niya sina Rama at Lakshamanan para hulihin ang usa na puno ng mamahaling bato ang sungay. “Baka higante rin iyan”, paalala ni Lakshamanan. Dahil mahal na mahal ang asawa, kinuha ni Rama ang kaniyang pana at busog.

"Huwag mong iiwan si Sita kahit ano ang mangyari", bilin ni Rama sa kapatid. "Parang narinig ng usa ang sinabi ni Rama. Agad itong tumakbo kaya napasigaw si Sita. "Bilis! Habulin mo ang gintong usa!"

Matagal na naghintay ang dalawa pero hindi pa rin dumarating si Rama. Pinilit ni Sita si Lakshamanan na sumunod sa gubat. "Hindi, kailangan kitang bantayan", sabi nito. Ilang oras pa silang naghintay nang bigla silang nakarinig ng isang malakas na sigaw. Napaiyak si Sita sa takot pero ayaw pa ring umalis ni Lakshamanan kaya nagalit si Sita. "Siguro gusto mong mamatay si Rama para ikaw ang maging hari", sabi nito kay Lakshamanan. Nasaktan si Lakshamanan sa bintang ni Sita. Para patunayang mahal niya ang kapatid, agad siyang sumunod sa gubat. Wala silang kamalay-malay na sa labas ay naghihintay si Ravana.

Sa gubat, napatay ni Ravana ang usa at bigla itong naging si Maritsa. Nagpanggap naman si Ravana na isang matandang paring Brahmin. Nagsuot ng kulay kahel na roba at humingi siya ng tubig kay Sita. Hindi nakapagpigil si Ravana.
"Bibigyan kita ng limang libong alipin at gagawin kitang reyna ng Lanka, sabi ni Ravana. Natakot si Sita at nabitiwan ang hawak na banga!

Tinulak ni Sita si Ravana. Bumalik sa anyong higante si Ravana. Hinablot ni Ravana ang mahabang buhok ni Sita at isinakay sa karwaheng hila ng mga kabayong may malalapad na pakpak. Nagsisigaw at nanlaban si Sita pero wala siyang magawa. Lihim na nagsisi si Sita sa ginawa niya kina Rama at Lakshamanan. Itinapon niya ang mga bulaklak sa kaniyang buhok. Nagdasal siya na sana ay makita iyon ni Rama para masundan siya at mailigtas.

Mula sa isang mataas na bundok, narinig ng isang agila ang sigaw ni Sita. Hinabol ng ibon ang karuwahe ni Ravana. Pinagtataga ni Ravana ang agila at duguan itong bumagsak sa lupa.

Pabalik na sina Rama at Lakshamanan nang makita nila ang naghihingalong agila. "Dinala ni Ravana ang asawa mo sa Lanka'' sabi nito bago mamatay. Sinunog ng magkapatid ang bangkay ng agila. Pagkatapos ay naghanda sila upang sundan ang hari ng mga higante sa Lanka. Dinala ni Ravana si Sita sa Lanka, ang kaharian ng mga higante at demonyo. "Mahalin mo lang ako ay ibibigay ko sa iyo ang lahat ng kayamanan", sabi ni Ravana. Pero hindi niya napasuko si Sita.

Hiningi ni Rama ang tulong ng hari ng mga unggoy para salakayin ang Lanka. Sa labanang naganap, maraming kawal na unggoy ang napatay pero mas maraming higante ang bumagsak na pugot ang ulo. Hinanap ni Rama si Ravana at silang dalawa ang naglaban.

Matagal na naglaban sina Rama at Ravana hanggang sa mapatay ni Rama ang hari ng mga higante. Tumakas ang iba pang mga higante nang makita nilang patay ang kanilang pinuno. Umiiyak na tumakbo si Sita sa asawa. Nagyakap sila nang mahigpit at muling nagsama nang maligaya.

**PAG-UNAWA SA BINASA:**

1. Paano nagkakaiba ng mga katangian ang bawat tauhan?
2. Paano pinatunayan nina Rama at Sita ang kanilang pagmamahalan?
3. Bakit ayaw labanan ni Maritsa ang magkapatid na Rama? Ang paglaban ba ay hindi naayon sa pilosopiya ng India?
4. Isa-isahin ang mga pangyayaring nagpapakita ng kababalaghan.
5. Isa-isahin ang mga pangyayaring nagpapakita ng kabayanihan ng tauhan.

## Gawain 2

**A. Tuklasin**

**Name the Picture Game**

Panuto: Suriing mabuti ang mga pahayag na may kaugnayan sa larawan. Isulat ang sagot sa sagutang papel

| | |
|---|---|
| 1. Ako ay isang relihiyosa.<br>Pag-ibig ko'y ipinadama sa tao<br>Nakilala ako sa buong mundo<br>Sa taguring The Living Saint<br>ay nakilala ako nang ako'y buhay pa<br>Sino ako? | <br>Sagot______ |
| 2. Simbolo ito ng pagmamahal<br>Gusaling ipinagawa ni Shah Jahan<br>Upang magsilbing libingan ng<br>kaniyang asawang si Mumtaz Mahal<br>Ano ito? | <br>Sagot________ |

| | |
|---|---|
| 3. Isa itong bansa sa timog-kanlurang asya<br>Si Pratibha Patil ang pangulo nila.<br>Kahanga-hanga ang kanilang pilosopiya<br>katotohanan, at kabutihan.<br>Ito ang kanilang pinapahalagahan<br>Anong bansa ito? | <br><br>Sagot____________ |
| 4. Pinakatanyag na pagbati ng mga Hindu. Isinasagawa ito kapag bumabati o namamaalam.<br>Ang dalawang palad ay pinagdaraop at nasa ibaba ng mukha.<br>mahuhulaan mo ba kung ano ang tawag dito? | <br>Sagot__________ |

**Tandaan:**

Ang epiko ay isang tulang pasalaysay na naglalarawan ng kabayanihan at katapangan ng pangunahing tauhan. Inilalarawan din ang kaniyang pakikipagsapalarang pinagdaanan at binibigyang diin ang katangiang supernatural ng tauhan. Nagtataglay siya ng pambihirang lakas na hindi kapani-paniwala

Mga Katangian ng Epiko

> 1. Umiikot ang kwento sa mapanganib na pakikipagsapalaran ng bayani.

> 2. May mga bansag o pagkakakilanlan ang mga tauhan.

> 3. May malawak na tagpuan.

> 4. Naglalaman ng mahahabang kawikaan na galing sa mga tauhan.

> 5. Pagkakaroon ng supernatural na mga pangyayari.

> 6. Ipinapakita ang agwat sa pagitan ng mga Diyos at mga mortal na tao.

> 7. May mga bayaning nagsisilbing modelo at huwaran sa mga mamamayan.

- Naglalaman ng mga matatalinhagang salita

## Pag-alam sa Natutuhan

### Gawain 1:

**Panuto:** Ibigay ang kasingkahulugan ng salitang may salungguhit ayon sa pagkakagamit nito. Isulat sa loob ng bilog ang letra ng wastong sagot.

1. **Bihagin** mo si Sita para maging asawa mo.

   _ _ u _ o _ _

2. **Hinablot** ni Ravana ang mahabang buhok ni Sita

   i _ _ _ a _

3. **Nagpanggap** si Ravana bilang isang matandang paring Brahman.

   _ _ g k _ _ w _ _ _

4. **Nakumbinsi** ni Maritsa si Ravana kaya umisip sila ng ibang paraan.

   n _ p _ _ _ w _ l _

5. Gumawa sila ng **patibong** para maagaw nila si Sita.

   b _ _ _ g

### GAWAIN 2

Panuto: Balikan ang mga pangungusap sa Gawain 1 at isulat ang mga posibleng mangyayari pagkatapos ng mga insidenteng ito.

1. ______________________________________________________
   ______________________________________________________
2. ______________________________________________________
   ______________________________________________________
3. ______________________________________________________
   ______________________________________________________

4. ______________________________________________________________
______________________________________________________________

5. ______________________________________________________________
______________________________________________________________

**GAWAIN 3**

Sa iyong karanasan sa mga kwentong tulad ng sa mga teleserye, gaano kahalaga ang mga pagsubok sa pakikipagsapalaran? Tingnan ang mga tauhan o bayani sa mga sikat na teleserye ngayon at itala sa ibaba ang mga pagsubok na kanilang pinagdaanan sa buhay. Ano-anong kultura ng bansa ang inilalarawan sa mga teleseryeng ito. Pumili lamang ng isa. (Panday, Darnan, Bagani, Amaya)

| |
|---|
| |

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Piliin at Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.

_____1. Ang pangyayaring nagpapakita ng kabayanihan ng tauhan
- A. Sinundan ang kapatid na nasa panganib
- B. Nagpanggap si Ravana bilang matanda
- C. Nangakong ipagkakaloob ang kayamanan
- D. Nag-isip ng paraan upang maangkin

____ 2. Dinala ni Ravana si Sita sa Lanka, ang kaharian ng mga higante at demonyo. “Mahalin mo lang ako ay ibibigay ko sa iyo ang lahat ng kayamanan,” sabi ni Ravana. Pero hindi niya napasuko si Sita. Ang hindi pagsuko ni Sita kay Ravana ay nangangahulugang
- A. Natatakot
- B. Mahal ang kaniyang asawa
- C. Hindi si Ravana ang kanyang gusto
- D. Naniniwala sa milagro.

_____3. Ang hindi paglaban ni Maritsa sa magkapatid ay nagpapakita ng,
A. Mabuting tao ang magkapatid.
B. Mahusay na mandirigma ang magkapatid.
C. Makapangyarihang tao ang magkapatid.
D. Matatalo siya.

______4. “Huwag mong iiwan si Sita kahit na anong mangyari,” bilin ni Rama sa kapatid nito.
A. Walang tiwala si Rama kay Sita.
B. Ayaw ni Rama na may mangyari kay Sita.
C. Hindi na babalik si Rama sa gubat.
D. Matatagalan siyang bumalik kay Sita.

_______5. “Bilis! Habulin mo ang gintong usa”.
A. Nagmamakaawa
B. Nagagalit
C. Nakikiusap
D. Nag-uutos

## Sanggunian:

Panitikang Asyano (Modyul ng Mag-aaral sa Filipino 9) pp. 179-185

hhttps://www.scribd.com/document /420III356/ Kahulugan- Ng- Epiko

## Susi sa Pagwawasto

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Balik tanaw<br>*Sariling opinyon* | Gawain 2 at 3<br>*Sariling opinyon* | |
| Panimulang Pagsubok<br>1. B<br>2. B<br>3. B<br>4. D<br>5. C | Pag-alam sa Natutuhan<br>Gawain 1<br>1.Ikulong<br>2.Inagaw<br>3.Nagkunwari<br>4.napaniwala<br>5.bitag | Tuklasin<br>1. Mother Teresa<br>2. Taj Mahal<br>3. India<br>4. Namaste | Pangwakas na Pagsusulit<br>1. A<br>2. B<br>3. C<br>4. B<br>5. D |